HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-LABING-ISANG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG HULYO 11, 2022 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Ederlino C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Felix John C. Templanza | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Joejie R. Narciso | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**KAPASYAHAN BLG. 22-07-377**

**RESOLUSYONG HUMIHILING KAY KGG. ERNILO C. VILLAS, PUNONG BAYAN NA MABIGYAN NG PRAYORIDAD ANG AGARANG PAGKUKUMPUNI NG BUMAGSAK NA HANGING BRIDGE SA SITIO TABUK BARANGAY POBLACION, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO**

May-Panukala:
**Sangguniang Bayan Member ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**

Mga Isponsor:
**Sangguniang Bayan Member EDEZER F. ACERON**
**Sangguniang Bayan Member EDERLINO C. ACERON**
**Sanggunang Bayan Member JESS V. SAPUNGAN**

**"SAPAGKAT,** matatandaan na noong Hulyo 27, 2022 ay bumagsak ang hanging bridge na nagdudugtong ng Sitio Tabuk sa Sitio Riverside, Barangay Poblacion na nagdulot ng takot at pangamba sa mga bata, residente at maging sa kura paroko ng bayang ito na si Father Allan Fallaria na kasalukuyang tumatawid sa tulay mula sa pagdaraos ng banal na misa sa pagpaparangal sa kapistahan ng Sitio Tabuk na sina San Pedro at San Pablo;

**"SAPAGKAT,** mabuti na lang at sa awa ng Poong Maykapal ay walang nagbuwis ng buhay sa nangyaring aksidente na sa positibong pananaw ay maaaring ituring ito na isang babala upang maiwas sa mas malagim na pinsala sa hinaharap;

**"SAPAGKAT,** ang ginagamit sa pagtawid ngayon ay isang bangka na sumisingil ng PhP5.00 bawat isa at PhP10.00 sa gabi na dumagdag pa sa gastusin ng mamamayan lalo na sa darating na pasukan;

CamScanner

**"SAPAGKAT,** ang pagtawid sa Ilog Kaburayan gamit ang bangka ay mapanganib lalo higit sa panahon ng bagyo at alam natin na ang Punong Bayan ay nakakadama ng malaking pinsala sa ganitong kalagayan kaya, naniniwala ang Kapulungang ito na agarang bigyan niya ito ng prayoridad sapagkat hindi niya papayagan ang sinuman sa kanyang mamamayan ang malagay sa balag ng alanganin; **kung kaya't dahil dito...**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Humiling sa Kgg. Ernilo C. Villas, Punong Bayan na mabigyan ng prayoridad ang agarang pagkukumpuni ng bumagsak na hanging bridge sa Sitio Tabuk, Barangay Poblacion, Bulalacao, Oriental Mindoro;

**SA MUNGKAHI** nina SB Member Edezer F. Aceron, SB Member Ederlino C. Aceron at SB Member Jess V. Sapungan na pinangalawahan ni SB Member Kieven E. Cantos, ang Kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY"**: Hulyo 11, 2022, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x------------------------------------------------------------------------------------x

| | |
|---|---|
| **Kgg. EDERLINO C. ACERON**<br>Sangguniang Bayan Member | **Kgg. EDEZER F. ACERON**<br>Sangguniang Bayan Member |
| **Kgg. JESS V. SAPUNGAN**<br>Sangguniang Bayan Member | **Kgg. FELIX JOHN C. TEMPLANZA**<br>Sangguniang Bayan Member |
| **Kgg. KIEVEN E. CANTOS**<br>Sangguniang Bayan Member | **Kgg. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**<br>Sangguniang Bayan Member |
| **Kgg. GUILLERMO G. SALAS, JR.**<br>Sangguniang Bayan Member | **Kgg. JOEJIE R. NARCISO**<br>Sangguniang Bayan Member |
| **Kgg. ENRICO C. VILLAS**<br>Pangulo, Liga ng mga Barangay | **Kgg. KIM JONH ELCO E. CANTOS**<br>SK Municipal Federation President |

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**Kgg. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong
Petsa ng Nilagdaan: July 13, 2022

22/07/12/PLP/pc